



Sanayin ang Inyong mga Tauhan

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal. *Ang mga tip na ito sa pagsasanay sa inyong mga tauhan ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.*

Taunang Pagsasanay sa mga Tauhan

- ❑ Magsagawa ng taunang pagsasanay upang matiyak na alam ng mga tauhan na isama sa kanilang pang-araw-araw na gawain ang mga BMP sa stormwater at pag-iwas sa polusyon.
- ❑ Obligado ang taunang pagsasanay para sa mga kinakailangang magpatupad ng Stormwater Pollution Prevention Plan (SWPPP) o Plano para Maiwasan ang Polusyon ng Stormwater at kailangang sapat ang pagsasanay upang matiyak ang pagsunod sa WPO.
- ❑ Humanap at markahan ang mga inlet ng kanal sa mapa at ipaskil ito sa lugar na maraming tao ang gumagawa. Ipakita sa inyong mga tauhan kung saan matatagpuan ang mga bukas.
- ❑ Sanayin ang mga tauhan na gumamit nang maayos ng mga supply para sa paglilinis ng tapon at mga pamamaraan.
- ❑ Isulat ang mga detalye ng lahat ng pagsasanay; isama ang mga paksang pinag-usapan, petsa, at mga pangalan ng nagturo at mga lumahok.
- ❑ Magpanatili ng rekord ng pagsasanay para sa tauhan at listahan ng pansariling pagsusuri sa lugar na pinagtatrabahuan at panatilihin ang mga ito na laging handa para sa pagsusuri ng inspektor.

mas madami pang tip >>>

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.



maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.





Nagpapatuloy na Edukasyon at Pagtutuwid na Aksyon

- ▣ Magbigay ng mga pagsasanay sa pagtutuwid na aksyon kapag nakatuklas ng paggawa ng ilegal na pagtatapon.
 - ▣ Dumalo sa mga pagtitipon ng industriya o grupo ng kalakalan kung saan nagpapalitan ng mga impormasyon.
 - ▣ Hikayatin ang mga tauhan na magbigay ng mga mungkahi sa mga ideya sa pagsasanay at mga paksa.
 - ▣ Hikayatin ang mga tauhan na ipaalam ang mga gripong may tagas, sirang lalagyan, atbp.
 - ▣ Magpatupad ng programa ng gantimpala para sa mga ideya tungkol sa pagbawas at pag-iwas sa polusyon na ipinapasa at ipinapatupad ng mga tauhan.
- ⚠ Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. ***Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.***

maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.